

Mayo 29, 2020

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2020-38

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2020-38
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 36)

Pagpapanumbalik ng Illinois – Pagprotekta sa Ating Mga Komunidad

SAPAGKAT, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang sakuna na dulot ng isang pandemya na kinuha ang buhay ng libu-libong mga residente, na dinapuan ang higit sa 100,000 at lumalaki, at nagreresulta sa hindi pangkaraniwang sakit at pagkawala ng buhay; at,

SAPAGKAT, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa isang krisis sa kalusugan ng publiko, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, habang ang Illinois ay pumapasok sa ika-apat na buwan ng pagtugon sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang matinding sakit sa respirasyon na kumalat at patuloy na kumakalat nang mabilis sa mga tao sa pamamagitan ng mga transmisyon sa respirasyon at nagpapatuloy na walang mabisang paggamot o bakuna, ang pasanin sa mga residente, tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan, mga unang tumutugon, at mga gobyerno sa buong Estado ay ngayon pa lang nangyari; at,

SAPAGKAT, ang World Health Organization ay ipinahayag ang COVID-19 na isang Emerhensiya sa Pampublikong Kalusugan na may Internasyonal na Pagmamalasakit noong Enero 30, 2020, at idineklara ng Kalihim ng Kalusugan at Serbisyo ng Estados Unidos na ang COVID-19 ay nagtatanghal ng isang emerhensiya sa pampublikong kalusugan noong Enero 27, 2020; at,

SAPAGKAT, noong Marso 11, 2020, inilarawan ng World Health Organization ang pagsiklab ng COVID-19 bilang isang pandemya, at ngayon ay iniulat na higit sa 5.5 milyong napatunayan na mga kaso ng COVID-19 at 350,000 pagkamatay na naiugnay sa COVID-19 sa buong mundo; at,

SAPAGKAT, sa kabila ng mga pagsisikap na pigilan ang COVID-19, ipinahiwatig ng World Health Organization at ng pederal na Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na ang virus ay inaasahang patuloy na kumakalat at sa katunayan, ay patuloy na kumalat nang mabilis, na nagreresulta sa pangangailangan para sa pederal at pamahalaan ng Estado na gumawa ng mga makabuluhang hakbang; at,

SAPAGKAT, noong Marso 9, 2020, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay ipinahayag na lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang pambansang emerhensiya alinsunod sa Seksyon 501(b) ng Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act, 42 U.S.C. 5121-5207 (ang “Stafford Act”), na sumasaklaw sa lahat ng mga estado at teritoryo, kabilang ang Illinois; at,

SAPAGKAT, noong Marso 26, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang malaking sakuna sa Illinois alinsunod sa Seksyon 401 ng Stafford Act; at,

SAPAGKAT, noong Abril 1, 2020, dahil sa napakalawak na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, muli kong idineklara ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, noong Abril 30, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang nanganganib na kakapusan ng mga kama sa ospital, kapasidad ng kwartong pang-emerhensiya, muli kong idineklara ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, noong Mayo 29, 2020, dahil sa libu-libong buhay na nawala sa COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na pagdaragdag ng mga kaso, ang patuloy na banta ng mga kakulangan sa mga kama sa ospital, kapasidad ng kwartong pang-emerhensiya, at mga makinang tulong sa paghinga, ang pinabuti ngunit hindi pa rin sapat na kapasidad sa pagsusuri, at ang pagbagsak ng pananalapi na dulot ng virus, muli kong idineklara ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, ipinapayo ng CDC na ang paglilimita sa pakikipag-ugnay sa iba ay ang pinakamahasay na paraan upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19, at ang pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa-tao – manatiling hindi bababa sa 6 talampakan ang layo mula sa ibang mga tao, hindi pananatili sa mataong lugar – ay kabilang sa mga pinakamahasay na paraan upang pabagalin ang pagkalat ng virus; at,

SAPAGKAT, inirerekomenda ng CDC na magsuot ng mga telang takip sa mukha sa mga pampublikong tagpo kung saan mahirap panatilihin ang pagitan mula sa kapwa-tao; at,

SAPAGKAT, inirerekomenda ng CDC ang iba pang mga kritikal na pag-iingat upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19, tulad ng madalas na paghuhugas ng kamay, pagtakip sa bibig kapag umuubo at bumabahing, at paglilinis at pagdidisimpekta ng madalas sa mga hinawakang panig; at,

SAPAGKAT, mayroong higit sa 117,000 na mga kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa 101 na kondehan ng Illinois; at,

SAPAGKAT, ang Illinois ay nagkaroon ng higit sa 5,200 na pagkamatay na resulta ng COVID-19, at maraming mga araw na higit sa 100 na mga taga-Illinois ang nawalan ng buhay dahil sa virus; at,

SAPAGKAT, bagaman ang bilang ng mga bagong kaso ng COVID-19 ay umaayos at maaaring nagsimulang bumaba sa mga nakaraang linggo, patuloy pa ring dumadapo ang virus sa libu-

libong mga indibidwal at inaangkin ang buhay ng napakaraming mga taga-Illinois bawat araw; at,

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay patuloy na inaangkin ang mga buhay ng at patuloy na nakakaapekto sa kalusugan ng mga Itim at Hispanikong taga-Illinois sa hindi kapani-paniwalang antas – na pinalalaki ang makahulugang pagkakaiba sa kalusugan at hindi pagkakapantay-pantay; at,

SAPAGKAT, habang ang virus ay kumakalat sa Illinois, ang krisis na kinakaharap ng Estado ay patuloy na lumalaki at nangangailangan ng isang nagbabago na tugon upang matiyak na ang mga ospital, mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan at mga unang tumutugon ay kayang ibigay ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga taga-Illinois at sa paraang naayon sa gabay ng CDC na patuloy na pinapabuti; at,

SAPAGKAT, habang ang mga pagkakaospital ay kamakailang pumirmi, gumagamit ang Illinois ng makabuluhang porsyento ng mga kama sa ospital, mga kama sa ICU, at mga makinang tulong sa paghinga upang gamutin ang mga pasyente ng COVID-19 na nangangailangan ng pagkakaospital at, kung ang mga kaso ay matinding madadagdagan, ang Estado ay maaring makakaranas ng kakulangan sa isa o higit pa sa mga ganitong kritikal na pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan; at,

SAPAGKAT, ang Estado ay nakipagtulungan sa mga nangungunang mananaliksik mula sa Unibersidad ng Illinois at Urbana-Champaign, ang Paaralan ng Medisina ng Northwestern, Unibersidad ng Chicago, ang mga Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Chicago at Illinois, kasama ang McKinsey at Mier Consulting Group, at Civis Analytics, upang pag-aralan ang mga datos sa pagkamatay dahil sa COVID-19 at paggamit ng ICU at ihulma ang mga potensyal na kalalabasan; at,

SAPAGKAT, ipinakita ng modelo ng Estado na ang paggamit ng pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan ay tataas pagdating ng Mayo, at ang pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan ay magpapatuloy na limitado matapos ang pagtaas, ipinapakita ng napabuting modelo na ang pagtaas ay maaaring naantala, kung saan ito ay hahaba at aabot pa ng ilang linggo; at,

SAPAGKAT, ang modelo ng Estado ay patuloy na nagpapakita na ang kawalan ng malawakang pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa-tao at iba pang pag-iingat, nahaharap ang Estado sa kakulangan ng mga kama sa ospital, mga kama sa ICU at/o mga makinang tulong sa paghinga; at,

SAPAGKAT, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng 5,200 na mga taga-Illinois at pagpinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

SAPAGKAT, sa buong bansa, 40 milyong katao ang nagpahayag ng kawalan ng trabaho mula nang magsimula ang pandemya – na kumakatawan sa isa sa apat na manggagawa sa Estados Unidos; at,

SAPAGKAT, inihayag ng Kagawaran ng Seguridad sa Pagtatrabaho ng Illinois na ang antas ng walang trabaho sa Estado ay tumaas ng 16.4% noong Abril, at may 762,000 na trabaho ang nawala sa naturang buwan; at,

SAPAGKAT, higit sa 180,000 na maliliit na negosyo sa Illinois ang nakatanggap ng higit sa \$22 bilyon na suportang pinansyal kaugnay ng COVID-19 sa pamamagitan ng pederal na Paycheck Protection Program sa pagsisikap na maiwasan ang pagsasara ng mga negosyong ito; at,

SAPAGKAT, ang kawalan sa ekonomiya at kawalan ng kapanatagan dulot ng COVID-19 ay nagbabanta sa kakayahang kumita ng negosyo at kakayahang magkaroon ng bahay, medikal na pangangalaga, pagkain, at iba pang mga kritikal na pangangailangan na nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente; at,

SAMAKATWID, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at naaayon sa mga kapangyarihan sa mga batas sa pampublikong kalusugan, iniuutos ko ang mga sumusunod, epektibo kaagad:

Pagpapanumbalik ng Illinois – Pagprotekta sa Ating Mga Komunidad

1. **Ang layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito.** Ang hangarin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay matiwasay at maingat na ipagpatuloy ang mga aktibidad na naantala dahil sa pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 at banta na lipusin ang ating sistema sa pangangalaga ng kalusugan. Habang ipinagpatuloy ng mga taga-Illinois ang mga gawaing ito, hindi natin dapat talikuran ang mga pagsulong na nakamit natin. Hindi natin maaaring ipagsapalaran ang ating sistemang pangkalusugan, at dapat nating unahin ang kalusugan at buhay ng lahat ng mga taga-Illinois, lalo na ang pinakamahina sa atin. Habang pinoprotektahan natin ang ating mga komunidad, ibabalik natin sa dati ang ating ekonomiya at magsisimulang ayusin ang pinsala sa ekonomiya na idinulot ng virus. Ang layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay upang maisakatuparan ang mga hangarin na iyon.

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay papalitan ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-32 at Seksyon 1 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-07.

2. **Mga kakailanganin sa pampublikong kalusugan para sa mga indibidwal.** Dapat gawin ng mga indibidwal ang mga sumusunod na hakbang sa pampublikong kalusugan upang maprotektahan ang sariling kalusugan at buhay gayun din ang kalusugan at buhay ng kanilang kapitbahay:

- a. **Panatilihin ang pagitan sa kapwa-tao.** Hangga't ang mga indibidwal ay gumagamit ng mga karaniwang espasyo kapag nasa labas ng kanilang tirahan, kasama na kapag nasa labas, dapat na sa lahat ng oras at hangga't posible ay panatilihin nila ang pagitan sa kapwa-tao na hindi bababa sa anim na talampakan mula sa sinumang ibang tao na hindi nakatira sa kanila.
 - b. **Magsuot ng takip sa mukha kapag nasa pampublikong lugar o kapag nagtatrabaho.** Ang sinumang indibidwal na higit sa edad na dalawa at may kakayahang tiisin ang takip sa mukha (pantakip o telang takip sa mukha) ay kinakailangan upang takpan ang kanilang ilong at bibig gamit ang takip sa mukha kapag nasa pampublikong lugar at hindi kayang panatilihin ang anim na talampakang pagitan sa kapwa-tao. Ang pangangailangang ito ay naaangkop kung nasa panloob na espasyo, tulad ng isang tindahan, o sa isang panlabas na pampublikong lugar kung saan ang pagpapanitili ng anim na talampakang pagitan ay hindi laging posible.
 - c. **Ang mga matatanda at mga taong mahihina dahil sa sakit ay dapat gawin ang karagdagang pag-iingat.** Ang mga taong mataas ang posibilidad na magkaroon ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19, kasama na ang mga matatanda at ang may kondisyon sa kalusugan na maaaring magpapahina sa kanila, ay hinihimok na manatili sa kanilang tirahan at bawasan ang pakikipag-ugnay sa ibang tao hangga't maaari.
 - d. **Limitahan ang mga pagtitipon.** Ang anumang pagtitipon ng higit sa sampung tao ay ipinagbabawal maliban kung hindi kasama sa Kautusang Tagapagpaganap na ito. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang nagbabawal sa pagtitipon ng mga miyembro ng isang sambahayan o tirahan. Dahil ang personal na pakikipag-ugnay ay nagtatanghal ng pinakamalaking panganib ng pagkahawa sa COVID-19, hinihikayat ang mga taga-Illinois na ipagpatuloy ang paglimita sa personal na pakikipag-ugnay sa ibang tao at palawakin ang kanilang pakikipag-ugnayan sa lipunan ng may pag-iingat. Ang may distansyang pagtitipon ang pinakaligtas na paraan upang makipag-ugnay sa mga nasa labas ng sambahayan o tirahan.
 - e. **Pumunta sa labas.** Ang patnubay sa pampublikong kalusugan ay nagmumungkahi na ang mga panganib ng pagkahawa sa COVID-19 ay lubos na nababawasan kapag nasa labas kaysa loob. Kung saan posible, hinihikayat ang mga taga-Illinois na magsagawa ng kanilang mga aktibidad sa labas.
3. **Mga kailanganin para sa pampublikong kalusugan ng mga negosyo, mga hindi pangkalakal, at iba pang mga organisasyon.** Para sa mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang mga saklaw na negosyo ay anumang pangkalakal, hindi pangkalakal, o pang-edukasyon na entidad, anuman ang likas na katangian ng serbisyo,

ang tungkulin na ginagampanan nito, o ang pang-lipunan at indibidwal na anyo nito. Ang mga nasabing entidad ay dapat gawin ang mga sumusunod na hakbang para sa pampublikong kalusugan upang maprotektahan ang kanilang mga empleyado, ang kanilang mga parokyano, at lahat ng ibang tao na pisikal na nakikipag-ugnay sa kanila:

- a. **Mga kakailanganin para sa lahat ng negosyo.** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat:
- patuloy na suriin kung aling mga empleyado ang maaaring magtrabaho mula sa bahay, at hinihikayat na pangasiwaan ang malayong pagtatrabaho mula sa bahay kung posible;
 - tiyakin na ang mga empleyado ay pinapanatili ang pagitan sa kapwa-tao at nagsusuot ng mga takip sa mukha kapag ang pagpapanatili ng pagitan sa kapwa-tao ay hindi laging posible;
 - tiyakin na lahat ng lugar kung saan ang mga empleyado ay maaaring magtipon, kasama ang mga maliliit na silid at silid-tanghalian, ay maaaring mapanatili ang pagitan sa kapwa-tao; at
 - tiyakin na lahat ng mga bisita (mga parokyano, nagtitinda, atbp.) sa lugar ng trabaho ay maaaring magsagawa ng pagitan sa kapwa-tao; ngunit kung ang pagpapanatili ng anim na talampakang distansya ay hindi posible sa lahat ng oras, hikayatin ang mga bisita na magsuot ng mga takip sa mukha; at
 - mahalagang ipaskil ang patnubay mula sa Illinois Department of Public Health (IDPH) at Opisina ng Pangunahing Abogado ng Illinois patungkol sa kaligtasan sa lugar ng trabaho sa panahon ng emerhensiya ng COVID-19.¹

Ang Department of Commerce and Economic Opportunity (DCEO), sa pakikipagtulungan sa IDPH, ay nakabuo ng patnubay at mga kagamitan para sa industriya upang matulungan ang mga negosyo na tumakbo nang ligtas at responsable. Ang mga dokumentong ito ay matatagpuan sa:<https://www2.illinois.gov/dceo/Pages/RestoreILP3.aspx>.

- b. **Mga kakailanganin para sa mga tindahan ng tingian.** Dapat tiyakin ng mga tindahan ng tingian na ang lahat ng mga empleyado ay nagsasagawa ng pagpapanatili ng pagitan sa kapwa-tao at dapat magsagawa ng nararapat na karagdagang pag-iingat sa pampublikong kalusugan, alinsunod sa patnubay ng DCEO, na kasama ang:
- pagbibigay ng mga takip sa mukha sa lahat ng mga empleyado na hindi kayang panatilihin ang minimong anim na talampakang distansya mula sa mga parokyano at iba pang mga empleyado sa lahat ng oras;

¹ Ang patnubay na ito ay matatagpuan sa: https://www.dph.illinois.gov/sites/default/files/COVID-19_WorkplaceHealth_SafetyGuidance20200505.pdf

- ang pagtatrabaho sa 50 porsyento ng kapasidad ng tindahan, o bilang kahalili, sa limitasyon ng pagtatrabaho batay sa store square footage na itinakda ng Kagawaran ng Komersyo at Pangkabuhayan;
 - makipag-usap sa mga parokyano sa pamamagitan ng mga palatandaan sa loob ng tindahan, at mga anunsyo ng serbisyo sa publiko at mga patalastas tungkol sa mga kailanganin sa pagpapanitili ng pagitan sa kapwa-tao at mga takip sa mukha na nakasaad sa Kautusang ito; at
 - itigil ang paggamit ng magagamit muling mga supot.
- c. **Mga kakailanganin para sa mga maypagawaan.** Dapat tiyakin ng mga maypagawaan na lahat ng kanilang mga empleyado ay panatilihin ang pagitan sa kapwa-tao at dapat gumawa ng naaangkop na karagdagang pag-iingat para sa pampublikong kalusugan, alinsunod sa patnubay ng DCEO, na kasama ang:
- pagbibigay ng mga takip sa mukha sa lahat ng empleyado na hindi kayang panatilihin ang anim na talampakang pagitan sa kapwa-tao sa lahat ng oras;
 - tiyakin na lahat ng lugar kung saan ang mga empleyado ay maaaring magtipon, kasama ang mga maliliit na silid at silid-tanghalian, ay maaaring mapanatili ang pagitan sa kapwa-tao; at
 - baguhin at bawasan ang mga operasyon (pagsuray sa oras ng trabaho, pagbabawas sa bilis ng linya, pagpapatakbo sa mga linya para mahahalagang bagay, habang nakasara ang mga linya para sa hindi kailangan) sa saklaw na kinakailangan upang payagan ang pagitan sa kapwa-tao at magbigay ng isang ligtas na lugar ng trabaho bilang tugon sa emerhensiya na dulot ng COVID-19.
- d. **Mga kakailanganin para sa mga gusali ng tanggapan.** Dapat tiyakin ng mga may-ari sa mga gusali ng tanggapan na lahat ng mga empleyado ay pinapanatili ang pagitan sa kapwa-tao at dapat gumawa ng naaangkop na karagdagang pag-iingat para sa pampublikong kalusugan, alinsunod sa patnubay ng DCEO, na kasama ang:
- pagbibigay ng mga takip sa mukha sa lahat ng empleyado na hindi kayang panatilihin ang anim na talampakang pagitan sa kapwa-tao sa lahat ng oras;
 - isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga limitasyon ng kapasidad kung saan hindi pinapayagan ang pagitan sa kapwa-tao;
 - payagan ang telework kung saan posible; at
 - bumuo at mahalagang ipaskil ang mga plano at karatula upang matiyak ang pagitan sa kapwa-tao sa lugar na pinagtitiyuan tulad ng mga silid para sa paghihintay, mga tukoy na lugar ng serbisyo, at mga kapiterya.
- e. **Mga kakailanganin para sa mga restawran at mga inuman.** Lahat ng mga negosyo na nag-aalok ng pagkain o inumin na kinukonsumo sa lugar—kabilang

ang mga restawran, mga inuman, mga tindahan, at mga bulwagan ng pagkain—ay dapat na suspindihin ang serbisyo para sa at huwag payagan ang pagkonsumo sa lugar, maliban kung pinahihintulutan ayon sa patnubay ng DCEO.

Pinahihintulutan at hinihikayat ang gayong mga negosyo na maghatid ng pagkain at inumin upang sila ay maubos sa labas ng lugar, ayon sa pinahihintulutan ng batas, sa pamamagitan ng mga paraan tulad ng paghahatid sa tirahan, paghahatid ng pangatlong partido, drive-through, at curbside pick-up. Bilang karagdagan, ang mga parokyano ay maaaring pumasok sa lugar upang bumili ng pagkain o inumin para ilabas. Gayunpaman, ang mga establisyimento na nag-aalok ng pagkain o inumin para ilabas, kasama na ang mga trak ng pagkain, dapat tiyakin na mayroon silang isang kapaligiran kung saan pinapanatili ng mga parokyano ang sapat na pagitan sa kapwa-tao.

Ang mga inuman at restawran na matatagpuan sa mga paliparan, ospital, at mga kainan sa mga kolehiyo at unibersidad ay hindi saklaw ng Kautusang Tagapagpaganap na ito. Ang mga restawran sa hotel ay maaaring magpatuloy na magbigay ng serbisyo sa silid at para sa labas. Maaaring magpatuloy ang mga serbisyo sa pagtutustos. Ang mga paaralan at iba pang mga establisyimento na karaniwang nagbibigay ng serbisyo sa pagkain sa mga mag-aaral o mga miyembro ng publiko ay maaaring magpatuloy sa paggawa nito sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap na ito sa kondisyon na ang pagkain ay ibinibigay sa mga mag-aaral o mga miyembro ng publiko sa isang pagdampot at pagkuha para sa labas lamang na paraan.

Lahat ng mga negosyo na sakop sa seksyong ito ay maaaring pahintulutan ang pagkonsumo sa labas ng mga panloob na pagkain at inumin alinsunod sa patnubay ng DCEO at kapag pinahihintulutan ng mga lokal na ordinansa at regulasyon.

- f. **Mga kailanganin para sa mga dyim ng kalakasan ng katawan at ehersisyo.** Ang mga dyim para sa kalakasan ng katawan at ehersisyo ay maaaring bukas para sa mga sumusunod na aktibidad, ngunit dapat isagawa ang negosyo sa paraang naaayon sa patnubay ng DCEO: Ang mga personal na sesyon ng pagsasanay na kinasasangkutan ng isang tagapagsanay at isang parokyano; panlabas na pagsasanay sa mga pangkat na hindi mas malaki kaysa sa 10 na may pagitan sa kapwa-tao; pagbebenta ng mga paninda sa tingian; at onsite filming o pag-stream ng mga malalayong klase na isinasagawa ng isang tagapagsanay. Ang mga dyim para sa kalakasan ng katawan at ehersisyo ay maaaring hindi pahintulutan ang iba pang mga aktibidad, kabilang ang mga ehersisyo ng miyembro, dahil sa mas mataas na peligro ng pagkahawa sa COVID-19 kapag ang mga taong nag-ehersisyo ay gumagamit ng parehong kagamitan sa isang panloob na espasyo.
- g. **Mga kakailanganin para sa mga pasilidad ng pansariling serbisyo.** Ang mga pansariling serbisyo tulad ng mga spa, mga salon ng buhok, mga pagupitan, mga

salon ng kuko, mga waxing center, mga parlor ng tattoo, at mga katulad na pasilidad ay maaaring buksan ngunit dapat tiyak na ang paggamit ng mga takip sa mukha, pagsunod sa mga kailanganin para panatilihin ang pagitan sa kapwatao, at paggamit ng mga limitasyon ng kapasidad alinsunod sa patnubay ng DCEO.

- h. **Mga kailanganin para sa panlabas na libangan, kampamyento para sa araw ng kabataan, at mga palaro para sa kabataan.** Ang mga negosyong nag-aalok ng panlabas na libangan, mga kampamyento para sa araw ng kabataan, at mga palaro para sa kabataan ay maaaring bukas ngunit dapat tiyak ang paggamit ng mga takip sa mukha, pagsunod sa mga kailanganin para sa pagitan sa kapwatao, at dapat sumunod sa ibang hakbang para sa pampublikong kalusugan alinsunod sa patnubay ng DCEO.
- i. **Mga lugar para sa pampublikong libangan.** Maliban kung pinahihintulutan ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ng patnubay ng DCEO, ang mga lugar ng pampublikong libangan ay dapat manatiling sarado sa publiko. Kasama sa mga lugar ng pampublikong libangan ngunit hindi limitado sa, mga lokasyon na may sasakyang pang dibersiyon, mga karnabal, mga amusement park, mga water park, mga akwaryum, mga palahayupan, mga museo, mga arkada, mga perya, mga pambatang lugar, mga palaruan, mga theme park, mga bowling alley, mga sinehan at iba pang teatro, at mga bulwagan para sa konsiyerto at musika. Ang mga lugar ng pampublikong libangan, tulad ng iba pang mga negosyo, ay maaaring magpatuloy na:
 - i. Magsagawa ng mga kinakailangang aktibidad upang mapanatili ang halaga ng imbentaryo ng negosyo, mapanatili ang kondisyon ng pisikal na planta ng negosyo, tiyak ang seguridad, iproseso ang mga suweldo at benepisyo ng empleyado, o para sa mga kaugnay na tungkulin.
 - ii. Magsagawa ng mga kinakailangang aktibidad upang gabayan ang mga empleyado ng negosyo na makapagpatuloy na magtrabaho nang malayuan.
 - iii. Tuparin ang mga online o panteleponong tingiang order sa pamamagitan ng pagdampot o paghahatid.

4. **Mga iksemsyon.**

- a. **Libreng paggamit ng relihiyon.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi nililimitahan ang libreng paggamit ng relihiyon. Upang maproktehan ang kalusugan at kaligtasan ng mga pinuno ng pananampalataya, kawani, mga nagtipon-tipon at mga bisita, ang mga samahang pangrelihiyon at mga bahay ng

pagsamba ay hinihikayat na kumonsulta at sundin ang inirekumendang mga kaugalian at patnubay mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois.² Tulad ng nakalagay sa mga patnubay ng IDPH, ang pinakaligtas na kasanayan para sa mga relihiyosong samahan sa oras na ito ay upang magbigay ng mga serbisyo gamit ang internet, sa drive-in na ayos, o sa labas (at naayon sa mga kailanganin para sa pagitan sa kapwa-tao at patnubay patungkol sa pagsusuot ng mga takip sa mukha), at upang limitahan ang panloob na pagsisilbi sa 10 katao. Hinihikayat ang mga samahang pang-relihiyon na gumawa ng mga hakbang upang matiyak ang pagitan sa kapwa-tao, ang paggamit ng mga takip sa mukha, at pagpapatupad ng iba pang hakbang para sa pampublikong kalusugan.

- b. **Mga tungkulin sa oras ng kagipitan.** Ang lahat ng mga pangunahing tagatugon, mga pang-emerhensiyang tauhan ng pamamahala, mga pang-emerhensiyang despatsador, mga tauhan ng korte, mga nagpapatupad ng batas at mga tauhan ng pagwawasto, mga tagatugon para sa mapanganib na materyales, mga tauhan para sa proteksyon at kapakanan ng bata, mga tauhan ng pabahay at tirahan, military, at iba pang mga empleyado ng gobyerno na nagtatrabaho o sumusuporta sa emerhensiyang tugon ay hindi saklaw ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ngunit hinihikayat na magsagawa ng pagitan sa kapwa-tao at gawin ang mga inirekumendang hakbang para sa pampublikong kalusugan.
 - c. **Mga tungkulin ng pamahalaan.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi nalalapat sa pamahalaan ng Estados Unidos at hindi nakakaapekto sa mga serbisyong ibinigay ng Estado o anumang sinumang munisipalidad, bayan, probinsiya, pangkat o ahensya ng gobyerno ay kinakailangang tiyakin ang patuloy na pagpapatakbo sa mga ahensya ng gobyerno o magbigay ng o suportahan ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng publiko.
5. **Mga Kailanganin ng Pagitan sa Kapwa-Tao, Takip sa Mukha, at PPE.** Para sa mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang pagitan sa kapwa-tao ay kasama ang pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansiya mula sa ibang indibidwal, paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa dalawampung segundo hangga't maaari o paggamit ng hand sanitizer, magtakip pag umuubo o bumabahing (sa manggas o siko, hindi kamay), palagiang paglilinis sa mga ibabaw na kadalasang hinahawakan, at hindi pakikipagkamay.
- a. **Mga kinakailangang hakbang.** Ang mga negosyo ay dapat magsagawa ng mga aktibong hakbang upang matiyak ang pagsunod sa mga kakailanganin sa pagitan sa kapwa-tao, kabilang kung saan posible:

²Ang patnubay na ito ay matatagpuan sa: <https://www.dph.illinois.gov/covid19/community-guidance/places-worship-guidance>

- i. **Magtalaga ng anim na talampakang distansiya.** Ang pagtatalaga ng signage, patse, o iba pa ay nangangahulugan ng anim na talampakang puwang para sa mga empleyado at parokyano upang mapanatili ang naaangkop na distansya;
 - ii. **Ang hand sanitizer at mga produkto para sa sanitasyon.** Ang pagkakaroon ng hand sanitizer at mga produkto para sa sanitasyon na madaling magamit para sa mga empleyado at parokyano;
 - iii. **Paghiwalayin ang mga oras ng operasyon para sa mga mahihinang populasyon.** Ang pagpapatupad ng hiwalay na oras ng operasyon para sa mga matatanda at mahihinang parokyano;
 - iv. **Ang online at malayuang pagggamit.** Ang pag-post sa online kung bukas ang isang pasilidad at kung paano maabot ang pasilidad sa pinakamahasag na paraan at magpatuloy ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o malayuan; at
 - v. **Mga Takip sa Mukha at PPE.** Ang pagbibigay sa mga empleyado ng mga takip sa mukha at pag-utos sa kanila na magsuot ng mga takip sa mukha kung saan ang pagpapanatili ng anim na talampakan na pagitan sa kapwa-tao ay hindi posible sa lahat ng oras. Kapag pinapahintulutan ng kalagayan ng trabaho, ang pagbibigay sa mga empleyado ng ibang PPE bilang karagdagan sa mga takip sa mukha.
6. **Pagpapatupad.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ipatupad ng Estado at lokal na pagpapatupad ng batas alinsunod sa, *inter alia*, Seksyon 7, Seksyon 15, Seksyon 18, at Seksyon 19 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305.

Ang mga negosyo ay dapat sumunod sa mga patnubay na ibinigay o inilathala ng Kagawaran ng Komersyo at Pangkabuhayan ng Illinois hinggil sa mga hakbang sa kaligtasan sa panahon ng Yugto III, at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Illinois, mga lokal na kagawaran ng pamublikong kalusugan, at ang Kawanihan ng Karapatan sa Lugar ng Trabaho sa Opisina ng Pangunahing Abogado ng Illinois nang may paggalang sa mga kailanganin para sa pagitan sa kapwa-tao. Alinsunod sa Seksyon 25(b) ng Whistleblower Act, 740 ILCS 174, ipinagbabawal ang paghihiganti ng mga negosyo laban sa isang empleyado para sa paglalahad nito ng impormasyon kung saan ang empleyado ay may makatuwirang dahilan upang maniwala na ang impormasyon ay nagbubunyag ng paglabag sa Kautusang ito.

7. **Walang limitasyon sa awtoridad.** Walang anumang sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, sa anumang paraan, ay magbabago o magbago ng anumang umiiral na legal na

awtoridad na nagpapahintulot sa Estado o anumang probinsiya, o lokal na katawan ng pamahalaan na mag-utos (1) anumang pagkuwarentenas o pagbubukod na maaaring mangailangan ng isang indibidwal na manatili sa loob ng isang partikular na tirahan o medikal na pasilidad sa loob ng limitadong panahon, kabilang ang tagal ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan, o (2) anumang pagsara ng isang tukoy na lokasyon para sa isang limitadong panahon, kabilang ang tagal ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ibigay bilang paggamit ng anumang awtoridad upang mag-utos ng anumang pagkuwarentenas, pagbubukod, o pagsasara. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, sa anumang paraan, ay magbabago o magbago ng anumang umiiral na legal na awtoridad na nagpapahintulot sa isang probinsiya o lokal na katawan ng pamahalaan na gumawa ng mga probisyon na mas mahigpit kaysa sa mga nasa Kautusang Tagapagpaganap na ito.

8. **Sugnav ng pagtatapos.** Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay hindi wasto ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang mabigat. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay inilaan na basahin nang regular sa anumang utos ng Korte hinggil sa Kautusang Tagapagpaganap na ito.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Mayo 29, 2020
Isinalin ng Kalihim ng Estado Mayo 29, 2020